HANDBOOK ON FISHERY LAWS
(IN FILIPINO)

Coastal and Marine Resources Management
in the Coral Triangle - Southeast Asia
(TA 7813-REG)

CORAL TRIANGLE
INITIATIVE
ON CORAL REEFS, FISHERIES AND FOOD SECURITY

HANDBOOK ON FISHERY LAWS
(IN FILIPINO)

This handbook was prepared by the Coastal and Marine Resources Management in the Coral Triangle–Southeast Asia (TA 7813-REG), a regional technical assistance funded by the Asian Development Bank (ADB) and the Global Environment Facility (GEF).

Published in 2017.
Printed in the Philippines.

Suggested Citation:

ADB. 2017. *Handbook on Fishery Laws.* Consultant's Report. Manila (TA 7813-REG).

All efforts were made for this handbook to remain faithful and accurate to the original text. However, the translated work does not necessarily reflect the views and policies of the ADB or its Board of Governors or the governments they represent. ADB does not guarantee the accuracy of the data included in this publication and accepts no responsibility for any consequence of their use. By making any designation of or reference to a particular territory or geographic area, or by using the term "country" in this document, ADB does not intend to make any judgments as to the legal or other status of any territory or area.

Technical Editor: Raul G. Roldan
Copy Editor and Proofreader: Christine Marie L. Magpile
Researcher: Angelo Jose B. Lumba
Production Manager: Dana Rose J. Salonoy
Layout Artist: Criselda C. Escalante

Photo Credit
Front Cover: Noel Guevara/TA 7813-REG

For more information, please contact:

Asian Development Bank
6 ADB Avenue, Mandaluyong City, 1550 Metro Manila, Philippines
Tel +63 2 632 4444; Fax +63 2 636 2444
www.adb.org

HANDBOOK ON FISHERY LAWS
(IN FILIPINO)

Coastal and Marine Resources Management
in the Coral Triangle - Southeast Asia
(TA 7813-REG)

CORAL TRIANGLE
INITIATIVE
ON CORAL REEFS, FISHERIES AND FOOD SECURITY

ABOUT THE PROJECT

The Global Environment Facility (GEF) and Asian Development Bank (ADB) - funded Regional Technical Assistance Coastal and Marine Resources Management in the Coral Triangle - Southeast Asia (TA 7813-REG) operates in the Sulu-Sulawesi Marine Ecoregion, specifically in Indonesia, Malaysia, and the Philippines (or the CT3).

The project works with communities and local leaders to help them better manage their resources, become better prepared to face climate change effects, and adopt environment-friendly and sustainable livelihood options.

The project also aims to address natural resource degradation, poverty within coastal communities, and weakness in coastal and marine resources management policy implementation.

The project has three main outputs:

- Supporting CT3 governments in establishing an enabling environment for sustainable coastal and marine resources management;

- Addressing constraints to sustainable fisheries management and economic development in the coastal zone, such as illegal, unreported, and unregulated fishing, overfishing, and natural habitat destruction, among others; and

- Establishing a project management system to ensure effective project implementation.

TABLE OF CONTENTS

About this Handbook i

Mga Paglabag at Kaakibat na Kaparusahan Ayon sa Kabanata VI ng RA 10654 1

Seksiyon 86. Pangingisdang Walang Pahintulot 1

Seksiyon 87. Pagsasagawa ng mga gawaing pangingisda na walang pahintulot 3

Seksiyon 88. Hindi pagkuha ng permiso bago mangisda sa mga lugar pangisdaang nasa labas ng karagatang sakop ng Pilipinas 3

Seksiyon 89. Pangingisdang hindi nauulat (*Unreported Fishing*) 5

Seksiyon 90. Pangingisdang walang regulasyon (*Unregulated Fishing*) 6

Seksiyon 91. Pangingisda ng dayuhan na walang pahintulot sa katubigan ng Pilipinas 8

Seksiyon 92. Pangingisda gamit ang mga pasabog, nakapipinsala, o nakalalasong kemikal, o kuryente 9

Seksiyon 93. Paggamit ng pinong lambat (*fine mesh net*) 11

Seksiyon 94. Pangingisda sa mga lugar na labis nang pinangisdaan (*overexploited fishery management areas*) 12

Seksiyon 95. Paggamit ng mga aktibong kasangkapan (*active gear*) sa paghuli ng isda sa mga katubigang munisipal, mga look, at iba pang mga lugar pangisdaang nasa ilalim ng isang pangangasiwa 13

Seksiyon 96. Pag-iingat, pangunguha, pagbebenta, pagluluwas ng mga korales 14

Seksiyon 97. Pagbabawal sa muro-ami, iba pang pamamaraan at mga kasangkapan na makasisira sa mga bahura at iba pang kanlungan ng isda at mga lamandagat 15

Seksiyon 98. Paggamit ng mga *superlight* o *fishing light attractor* sa pangingisda 17

Seksiyon 99. Pagputol at tuluyang pagtanggal ng mga bakawan upang gawing palaisdaan o gamitin para sa ibang pakay 18

Seksiyon 100. Pangingisda sa panahong idineklarang sarado sa pangingisda (*closed season*) 19

Seksiyon 101. Pangingisda sa mga *marine protected area,* fishery reserve, at santuwaryo ng isda 20

Seksiyon 102. Pangingisda o pangunguha ng mga hindi karaniwan o nanganganib na uri (*rare, threatened, or endangered species*) 21

Seksiyon 103. Paghuli ng sabalo at iba pang nangingitlog na uri ng isda at iba pang lamandagat 24

Seksiyon 104. Pagluluwas ng mga isdang mangingitlog, mga itlog ng isda at semilya 24

Seksiyon 105. Pag-aangkat (*importing*) o pagluluwas ng mga isda o iba pang uri ng yamang dagat (*fishery species*) 25

Seksiyon 106. Paglabag sa Panuntunan sa Pagkontrol sa Dami ng Huli (*Harvest Control Rules)* 26

Seksiyon 107. Polusyon sa katubigan 27

Seksiyon 108. Hindi pagsunod sa mga panuntunang pangkaligtasan (*minimum safety standards*) sa paglalayag 28

Seksiyon 109. Kabiguang magsumite ng taunang ulat ukol sa operasyon ng *fishponds, fish pens, at fish cages* 29

Seksiyon 110. Pangunguha, panghuhuli, pagbebenta, pamimigay, o pag-iingat ng *shellfish* o iba pang uring pantubig (*aquatic species*) 29

Seksiyon 111. Pagbara o paghadlang sa daraanan (*navigation*), pagdaloy o pagkati ng tubig (*ebb tide*) ng anumang batis, ilog, lawa, o look 30

Seksiyon 112.Hindi pagsunod sa mga wastong pamamaraan sa pag-aalaga ng isda at iba pang lamandagat (*Good Aquaculture Practices*) 31

Seksiyon 113. Pagpapatrabaho ng mga hindi lisensiyadong mangingisda, manggagawang pampangisdaan, o tripulante (*crew*) sa mga *commercial fishing vessel* 32

Seksiyon 114. Pagbara, pagsagabal, o pagharang sa mga naturing na daraanan ng migrasyon (*migration path*) ng isda 33

Seksiyon 115. Paghadlang sa mga nagpapatupad ng batas pangisdaan 33

Seksiyon 116. Hindi pagsunod sa *Fisheries Observer Coverage* 34

Seksiyon 117. Hindi pagsunod sa *Port State Measures* 35

Seksiyon 118. Kabiguang makasunod sa mga patakaran at regulasyon sa mga sukatang pangangalaga at pangangasiwa ng yamang dagat (*conservation and management measures*) 35

Seksiyon 119. Hindi pagsunod sa *Vessel Monitoring Measures* 36

Seksiyon 120. Pagbuo, pag-angkat, o pagbabago ng uri ng barkong pangisda o mga kagamitan sa pangisda nang walang pahintulot mula sa Kagawaran 38

Seksiyon 121. Paggamit ng mga hindi lisensiyadong gamit sa pangingisda 38

Seksiyon 122. Pamemeke, pagtatago, o pangingialam/ pagbabago ng mga marka/palatandaan, pagkakakilanlan, o rehistro ng sasakyang pandagat 39

Seksiyon 123. Pagtatago, pagbabago/pangingialam, o pagtapon/ pagsira ng mga ebidensiya kaugnay sa isang imbestigasyon sa paglabag 40

Seksiyon 124. Hindi pagsunod sa mga kinakailangang gawin kaugnay sa pagpapasok ng mga dayuhang (*foreign*) o kakaibang (*exotic*) mga uring pantubig (*aquatic species*) 41

Seksiyon 125. Kabiguang sumunod sa mga sukatan o pamantayan at mga hakbang na may kaugnayan sa kalakal 41

Seksiyon 126. Pag-aari/pag-iingat, pagbebenta/ pangangalakal, at pagtatapon (*disposal*) ng mga isdang nahuli o nakuha sa ilegal na pamamaraan 42

Seksiyon 127. Hindi awtorisadong paglalahad ng mga sensitibong impormasyon na teknikal 43

Seksiyon 128. Iba pang mga paglabag 44

Seksiyon 129. Batas sa pagtataas (*escalation clause*) 44

Ilang Protektadong Buhay-Ilang (Protected Aquatic Wildlife) 45

ABOUT THIS HANDBOOK

Law enforcement has always been considered as a pivotal component in the management of coastal and marine resources in the Philippines. The project, through a series of stakeholder consultations and socioeconomic assessments, has pinpointed the issues of having a weak rule of law and subpar enforcement operations as major deterrents in the development of the fisheries sector particularly in remote coastal communities in the country.

There have been multiple initiatives by various government agencies to strengthen fisheries law enforcement, which include training and deputization of fish wardens, formation of inter-agency and LGU alliances and/or partnerships, provision of patrol boats and other assets, among others. However, even with all of these being done, there remains one glaring, fundamental operational weakness: poor familiarity with fisheries laws. Especially with the Philippine Fisheries Code of 1998 (Republic Act 8550) being amended to introduce stricter measures for combatting illegal, unreported, and unregulated (IUU) fishing, this is a concern that has been pushed for immediate action as the law lays down the institutional framework upon which the very act of enforcement at sea is designed. Without knowledge of the law, mandated officers, government staff, and even community volunteers would not be able to effectively carry out their duties.

This handbook seeks to address the issue mentioned above by providing readers with a Filipino version of Chapter 6 on Prohibitions and Penalties of Republic Act 10654 (An Act to Prevent, Deter, and Eliminate Illegal, Unreported, and Unregulated Fishing, Amending Republic Act No. 50, Otherwise Known as "The Philippine Fisheries Code of 1998," and for Other Purposes), which is designed to be more reader-friendly and understandable to law enforcers While the Fisheries Code and its amended version are available online, it is a fact that many enforcers, especially those in remote areas, have no access to internet services. The handbook can be used as a quick guide during actual seaborne operations and in raising the awareness of fishing communities and other key stakeholders about the types of coastal and marine-related activities that are punishable by law.

MGA PAGLABAG AT KAAKIBAT NA KAPARUSAHAN AYON SA KABANATA VI NG RA 10654

- **Seksiyon 86. Pangingisdang Walang Pahintulot**

  (a) Isang paglabag sa batas ang panghuhuli o pangangalap (*gathering*) o pagiging sanhi ng panghuhuli o pangangalap ng isda, semilya (*fry*) o hatirin (*fingerling*) ng anumang uri o mga produktong gawa sa isda ng sinumang walang lisensiya o permiso mula sa Kagawaran[1] o lokal na pamahalaan o *local government unit* (LGU).

  Maliban sa mga nakasaad na kaso sa ilalim ng alituntuning ito, isang paglabag din sa batas ang pangingisda ng anumang commercial fishing vessel sa mga katubigang munisipal (*municipal waters*).

  Ang sinumang mahuhulihang may dala ng anumang kagamitang pangingisda o nagpapatakbo ng fishing vessel sa pangisdaan nang walang lisensiya o permiso ay itituring na sangkot sa pangingisdang walang pahintulot: Sa kalagayan na ang rason ng pangingisda ay para sa pang-araw-araw na pangangailangan o para sa libangan at hindi para sa komersiyal o hanapbuhay, ito ay papayagan.

Mga Pananagutang Administratibo

Para sa kapitan, tatlong (3) pinakamatataas na opisyal, at may-ari o operator ng commercial fishing vessel:

- Pagkumpiska ng huli at mga gamit pangisda;
- Multa: Limang beses ng halaga ng nakumpiskang huli o halagang nakasaad sa ibaba, alinman ang mas mataas:

1. Tumutukoy sa Kagawaran ng Pagsasaka o Department of Agriculture.

(1) Maliitang komersiyal na pangingisda[2]:
PHP 50,000.00 hanggang PHP 100,000.00;
(2) Katamtamang komersiyal na pangingisda[3]:
PHP 150,000.00 hanggang PHP 500,000.00;
(3) Malakihang komersiyal na pangingisda[4]:
PHP 1,000,000.00 hanggang PHP 5,000,000.00.

Mga Pananagutang Kriminal

Para sa kapitan, at tatlong (3) pinakamatataas na opisyal ng commercial fishing vessel:

- Pagkabilanggo ng anim (6) na buwan;
- Pagkumpiska ng huli at mga gamit pangisda;
- Multa: Halagang doble ng multa para sa kasong administratibo.

(b) Isang paglabag sa batas ang pakikilahok ng sinumang hindi kabilang sa listahan ng mga rehistradong mangingisda ng munisipyo sa anumang gawaing komersiyal na pangingisda sa katubigang munisipal. Ang sinumang mahuhulihang may dala ng anumang kagamitang pangingisda o nagpapatakbo ng fishing vessel sa pangisdaan nang walang lisensiya o permiso ay itituring na sangkot sa pangingisdang walang pahintulot: Sa kalagayan na ang rason ng pangingisda ay para sa pang-araw-araw na pangangailangan o para sa libangan at hindi para sa komersiyal o hanapbuhay, ito ay papayagan.

Mga Pananagutang Administratibo

- Multa: PHP 5,000.00 o halagang katumbas ng doble ng halaga ng huli, alinman ang mas mataas;
- Pagkumpiska ng huli at mga gamit pangisda;
- Serbisyo sa komunidad kung walang kakayahang magbayad ng multa.

2. Paggamit ng hindi aktibo (*passive*) o aktibo (*active*) na pamamaraan ng pangingisda gamit ang fishing vessel na may bigat na 3.1 hanggang 20 kabuuang tonelada.
3. Paggamit ng aktibo na pamamaraan ng pangingisda at fishing vessels na may bigat ng 20.1 hanggang kabuuang 150 tonelada.
4. Paggamit ng aktibo na pamamaraan ng pangingisda at fishing vessels na may bigat na higit sa 150 kabuuang tonelada.

- **Seksiyon 87. Pagsasagawa ng mga gawaing pangingisda na walang pahintulot**

  Isang paglabag sa batas ang pananamantala, paggamit, pagbuo, pagpaparami o pagpapalahi ng isda o semilya o hatirin ng anumang uri ng isda o mga produktong gawa sa isda at paglalagay ng mga bungsod/baklad (*fish corrals*), bitag sa mga isda *(fish traps*), kural ng mga isda (*fish pens*) at kulungan ng mga isda (*fish cages*) o palaisdaan (*fishponds*) ng sinumang walang lisensiya, upa, o permiso.

  Ang sinumang mahuhuling nagsasagawa ng anumang gawaing nakasaad sa itaas nang walang upa, lisensiya, o permiso ay ituturing at titignan bilang sangkot sa pangingisdang walang pahintulot.

Mga Pananagutang Administratibo
• Multa: PHP 500,000.00 hanggang PHP 1,000,000.00; • Pagbaklas o pagtanggal ng estruktura na gastos ng maysala; • Rehabilitasyon ng lugar na naapektuhan ng gawain; • Pagkumpiska ng mga nakaimbak (*stocks*).
Mga Pananagutang Kriminal
• Pagkabilanggo ng anim (6) na buwan; • Multa: Halagang doble ng multa sa kasong administratibo; • Pagbaklas o pagtanggal ng estruktura na gastos ng maysala; • Rehabilitasyon ng lugar na naapektuhan ng gawain; • Pagkumpiska ng mga nakaimbak.

- **Seksiyon 88. Hindi pagkuha ng permiso bago mangisda sa mga lugar pangisdaang nasa labas ng karagatang sakop ng Pilipinas**

  (a) Isang paglabag sa batas ang pangingisda sa mga katubigang hindi saklaw ng anumang hurisdiksyon (*high*

seas), katubigang kabilang sa isang bansa (*territorial seas*), kapuluang pagmamay-ari ng estado (*archipelagic waters*), at Eksklusibong Sonang Ekonomiko *(Exclusive Economic Zones)* ng ibang estado gamit ang bandila ng Pilipinas ng sinuman nang hindi pa nakakukuha ng permisong mangisda mula sa Kagawaran at pahintulot mula sa baybaying estado.

Ang sinumang mahuhuling may dala ng anumang kasangkapan sa pangingisda o nagpapatakbo ng barkong pangisda sa anumang nabanggit na lugar nang walang permisong mangisda mula sa Kagawaran o pahintulot mula sa baybaying estado ay ituturing at titignan na lumabag sa probisyong ito.

(b) Isang paglabag sa batas ang paggawa ng may-ari o operator at ng tatlong (3) pinakamatataas na opisyal ng *commercial fishing vessel* ng anumang hakbang na makasisira sa nakasaad na mga alituntunin at mga kondisyon ng permisong mangisda o proklamasyon ng Kagawaran.

Mga Pananagutang Administratibo

Para sa may-ari, operator, at tatlong (3) pinakamatataas na opisyal ng commercial fishing vessel:

- Pagkumpiska ng huli at mga gamit pangisda;
- Multa: Limang beses ng halaga ng huli o halagang nakasaad sa ibaba, alinman ang mas mataas:

  (1) Maliitang komersiyal na pangingisda: PHP 2,000,000.00 hanggang PHP 9,000,000.00;
  (2) Katamtamang komersiyal na pangingisda: PHP 10,000,000.00 hanggang PHP 15,000,000.00;
  (3) Malalaking komersiyal na barkong pangisda na may bigat na mas mababa sa 750 kabuuang tonelada: PHP 16,000,000.00 hanggang PHP 20,000,000.00;
  (4) Malalaking komersiyal na barkong pangisda na may bigat na 750 kabuuang tonelada o higit pa: PHP 25,000,000.00 hanggang PHP 45,000,000.00.

Mga Pananagutang Kriminal

Para sa tatlong (3) pinakamatataas na opisyal ng komersiyal na barkong pangisda:

- Pagkabilanggo ng anim (6) na buwan;
- Multa: Halagang doble ng multa para sa kasong administratibo;
- Pagkumpiska ng huli at mga gamit pangisda.

- **Seksiyon 89. Pangingisdang hindi nauulat *(Unreported Fishing)***

Isang paglabag sa batas ang pakikilahok ng sinuman sa pangingisdang hindi nauulat o kabiguan na makatugon sa mga kahingian na nakasaad sa Seksiyon 38 ng RA 10654.

Mga Pananagutang Administratibo

Para sa may-ari o operator ng munisipal o commercial fishing vessel at tatlong (3) pinakamataas na opisyal ng commercial fishing vessel na nagsasagawa ng hindi nauulat na pangingisda sa loob ng katubigang nasasakop ng bansa:

- Multa: Halagang katumbas ng halaga ng huli, o halagang nakasaad sa ibaba, alinman ang mas mataas:

  (1) Pangingisdang munisipal: PHP 5,000.00 o serbisyo sa komunidad kung walang kakayanang magbayad ng multa;
  (2) Maliitang komersiyal na pangingisda: PHP 100,000.00;
  (3) Katamtamang komersiyal na pangingisda: PHP 200,000.00;
  (4) Malakihang komersiyal na pangingisda: PHP 500,000.00.

Para sa may-ari, operator, at tatlong (3) pinakamataas na opisyal ng commercial fishing vessel na nagsasagawa ng hindi nauulat na pangingisda sa labas ng katubigang nasasakop ng bansa:

- Multa: Limang (5) beses ng halaga ng huli, o halagang nakasaad sa ibaba, alinman ang mas mataas:

  (1) Maliitang komersiyal na pangingisda: PHP2,000,000.00 hanggang PHP 9,000,000.00;
  (2) Katamtamang komersiyal na pangingisda: PHP 10,000,000.00 hanggang PHP 15,000,000.00;
  (3) Malakihang komersiyal na barkong pangisda na may bigat na mas mababa sa 750 kabuuang tonelada: PHP 16,000,000.00 hanggang PHP 20,000,000.00;
  (4) Malakihang komersiyal na barkong pangisda na may bigat na 750 kabuuang tonelada o higit pa: PHP 25,000,000.00 hanggang PHP 45,000,000.00.

Mga Pananagutang Kriminal

Para sa tatlong (3) pinakamatataas na opisyal ng komersiyal na barkong pangisda:

- Pagkabilanggo ng anim (6) na buwan;
- Multa: Halagang doble ng multa para sa kasong administratibo;
- Pagkumpiska ng huli at mga gamit pangisda.

- **Seksiyon 90. Pangingisdang walang regulasyon (*Unregulated Fishing*)**

Isang paglabag sa batas ang pakikilahok ng sinuman sa pangingisdang walang regulasyon sa mga katubigang sakop at lampas ng pambansang hurisdiksiyon.

Mga Pananagutang Administratibo

Para sa may-ari, operator, ng munisipal o commercial fishing vessel, at tatlong (3) pinakamatataas na opisyal ng commercial fishing vessel na nagsasagawa ng pangingisdang walang regulasyon sa loob ng katubigang nasasakop ng bansa:

- Pagkumpiska ng huli at gamit pangisda;
- Multa: Halagang katumbas ng halaga ng huli o halagang nakasaad sa ibaba, alinman ang mas mataas:

(1) Pangingisdang munisipal: PHP 5,000.00 o serbisyo sa komunidad kung walang kakayanang magbayad ng multa;
(2) Maliitang komersiyal na pangingisda: PHP 100,000.00;
(3) Katamtamang komersiyal na pangingisda: PHP 200,000.00;
(4) Malakihang komersiyal na pangingisda: PHP 500,000.00.

Para sa may-ari, operator, at tatlong (3) pinakamatataas na opisyal ng commercial fishing vessel na nagkasala ng pangingisdang walang regulasyon sa labas ng katubigang nasasakop ng bansa:

- Pagkumpiska ng huli at mga gamit pangisda;
- Multa: Limang (5) beses ng halaga ng huli, o halagang nakasaad sa ibaba, alinman ang mas mataas:

(1) Maliitang komersiyal na pangingisda: PHP 2,000,000.00 hanggang PHP 9,000,000.00;
(2) Katamtamang komersiyal na pangingisda: PHP 10,000,000.00 hanggang PHP 15,000,000.00;
(3) Malakihang komersiyal na barkong pangisda na may bigat na mas mababa sa 750 kabuuang tonelada: PHP 16,000,000.00 hanggang PHP 20,000,000.00;
(4) Malakihang komersiyal na barkong pangisda na may bigat na 750 kabuuang tonelada o higit pa: PHP 25,000,000.00 hanggang PHP 45,000,000.00.

Mga Pananagutang Kriminal

Para sa tatlong (3) pinakamatataas na opisyal ng commercial fishing vessel:

- Pagkabilanggo ng anim (6) na buwan;
- Multa: Halagang doble ng multa para sa kasong administratibo;
- Pagkumpiska ng huli at mga gamit pangisda.

- **Seksiyon 91. Pangingisda ng dayuhan na walang pahintulot sa katubigan ng Pilipinas**

  Isang paglabag sa batas ang pangingisda o pag-operate ng anumang barkong pangisda ng sinumang dayuhang indibidwal, korporasyon, o entidad sa loob ng pambansang katubigan.

  Ang pagpasok ng anumang dayuhang fishing vessel sa loob ng pambansang katubigan ay ituturing at titignan bilang pangingisda sa loob ng pambansang katubigan.

Mga Pananagutang Administratibo

Para sa sinumang dayuhang indibidwal, korporasyon, o entidad na lumabag sa seksiyon na ito:

- Multa: USD 600,000.00 hanggang USD 1,000,000.00 o halagang katumbas nito sa Pilipinas.

Mga Pananagutang Kriminal

- Multa: USD 1,200,000.00 o halagang katumbas nito sa Pilipinas;
- Pagkumpiska ng huli, gamit pangisda, at barkong pangisda.

Karagdagang parusa para sa nagkasala sa loob ng katubigan ng Pilipinas

- Unang pagkakataon: Pagkabilanggo ng anim (6) na buwan at isang (1) araw hanggang dalawang (2) taon at dalawang (2) buwan;

- Pangalawang pagkakataon: Pagkabilanggo ng tatlong (3) taon at multang USD 2,400,000.00 o halagang katumbas nito sa Pilipinas.

Ang dayuhang nagkasala ay hindi dapat pabalikin sa kanyang bansa hangga't hindi niya nababayaran ang multang administratibo o kriminal, kung mayroon man.

- **Seksiyon 92. Pangingisda gamit ang mga pasabog, nakapipinsala, o nakalalasong kemikal, o kuryente**

  (a) Isang paglabag sa batas ang pangunguha o pangangalap o maging sanhi ng pangunguha o pangangalap ng isda o anumang uring pangisda (*fishery species*) ng sinuman na gumagamit ng pampasabog, nakapipinsala o nakalalasong kemikal katulad ng *sodium cyanide*, na makapapatay, magpapawala ng malay, o makasasalanta sa mga isda o anumang uring pangisda. Maliban kung sasailalim sa mga pamantayang pangkaligtasan at mga kondisyong magmumula sa Kagawaran, at magkaroon ng rekomendasyon mula sa kaugnay na pamahalaang lokal, at kung ito ay gagamitin para sa pananaliksik, edukasyonal at siyentipikong pag-aaral, ang paggamit ng nakalalason at lubhang nakapipinsalang kemikal para mangisda, manguha o manghuli ng mga isda o ibang uring pangisda ay maaaring payagan. Na ang paggamit ng nakalalasong o nakapipinsalang kemikal upang lipulin ang mga *predator* at peste sa mga palaisdaan alinsunod sa mga tanggap na siyentipikong pagsasanay at hindi nagdudulot ng hindi magandang epektong kalikasan sa mga karatig na katubigan at kalupaan ay hindi maituturing bilang ilegal na pangingisda.

  Ang matatagpuang dinamita, iba pang uri ng pampasabog at mga kemikal na *compound* na may taglay na elementong madaling magningas, o nakapipinsala o nakalalasong kemikal, o kasangkapan o kagamitan para sa pangingisda na gumagamit ng kuryente sa anumang *fishing vessel* o nasa pag-aari ng sinumang mangingisda, *operator*, opisyal, o manggagawa (*fishworker*) ay ituturing o titignan na ginamit ang mga bawal na pangingisda na isinasaad sa alituntuning ito.

  Ang matatagpuang nahuli o napatay na isda sa pamamagitan ng pampasabog, nakapipinsala o nakalalasong kemikal, o sa paggamit ng kuryente sa loob ng anumang *fishing vessel* ay ituturing at titignan bilang ebidensiya na ang mangingisda, *operator*, opisyal, o manggagawa ay gumagamit ng mga nabanggit na ipinagbabawal na kagamitan sa pangingisda.

Para sa sinumang napatunayan na gumagamit ng mga pasabog at nakapipinsala o nakalalasong kemikal sa pangingisda:

Mga Pananagutang Administratibo

- Pagkumpiska ng mga nahuli, sa legal man o ilegal na pamamaraan, (kung ang mga ito ay magkahalo), gamit pangisda, pasabog, nakapipinsala o nakalalasong kemikal, o mga kasangkapang ginagamitan ng kuryente;
- Multa: Limang (5) beses ng halaga ng huli, o halagang nakasaad sa ibaba, alinman ang mas mataas:

  (1) Pangingisdang munisipal: PHP 30,000.00;
  (2) Maliitang komersiyal na pangingisda: PHP 300,000.00;
  (3) Katamtamang komersiyal na pangingisda: PHP 1,500,000.00;
  (4) Malakihang komersiyal na pangingisda: PHP 3,000,000.00.

Mga Pananagutang Kriminal

- Pagkabilanggo ng lima (5) hanggang sampung (10) taon;
- Pagkumpiska ng huli kabilang ang mga nahuli sa legal na pamamaraan, at mga gamit pangisda, pasabog, nakapipinsala o nakalalasong kemikal, o mga kasangkapang ginagamitan ng kuryente;
- Multa: Halagang doble ng multa para sa kasong administratibo, at pagsasampa ng hiwalay na kasong kriminal kung ang paggamit ay humantong sa pagkamatay, pagkasugat, o pananakit ng sinuman.

Para sa sinumang napatunayan na gumagamit ng kuryente (electrofishing) sa pangingisda

- Pagkabilanggo ng anim (6) na buwan;
- Multa: PHP 5,000.00

(b) Isang paglabag sa batas ang pagmamay-ari ng mga pampasabog, nakapipinsala o nakalalasong kemikal na ginagamit para sa pangingisda.

Mga Pananagutang Administratibo

- Pagkumpiska ng huli at mga gamit pangisda;
- Multa: Limang (5) beses ng halaga ng huli o halagang nakasaad sa ibaba, alinman ang mas mataas:

  (1) Pangingisdang munisipal: PHP 10,000.00;
  (2) Maliitang komersiyal na pangingisda: PHP 100,000.00;
  (3) Katamtamang komersiyal na pangingisda: PHP 500,000.00;
  (4) Malakihang komersiyal na pangingisda: PHP 1,000,000.00.

Mga Pananagutang Kriminal

- Pagkabilanggo ng anim (6) na buwan hanggang dalawang (2) taon;
- Multa: Halagang doble ng multa para sa kasong administratibo;
- Pagkumpiska ng huli at mga gamit pangisda

- **Seksiyon 93. Paggamit ng pinong lambat (*fine mesh net*)**

Isang paglabag sa batas ang pangingisda na gumagamit ng lambat na mas pino ang butas kung ikukumpara sa itinalaga ng Kagawaran: Ang paglabag sa alituntunin ng paggamit ng pinong lambat ay hindi nauukol kung ito ay ginamit para sa panghuhuli ng semilya, *glass eels,*[5] *elvers,*[6] *tabios,*[7] at alamang, at ng iba pang uri na itinuturing na likas na maliit kahit matanda na, batay sa isinasaad sa mga alituntunin at mga regulasyong itinatakda ng Kagawaran.

5. Ang *glass eel* ay isang uri ng igat o palos (*Anguila bicolor pacifica*) na matatagpuan sa Pilipinas.
6. Ang *elver* ay isang bata o *immature* na igat o palos.
7. Ang tabios na tinatawag din na sinarapan ay ang *Mistichthys luzonensis,* ang pinakamaliit na *commercial fish* na humahaba nang higit kumulang 12 mm.

Ang matatagpuang pinong lambat sa anumang barkong pangisda ay ituturing at titignan bilang ebidensiya na ang indibidwal o ang *fishing vessel* ay gumagamit ng pinong lambat sa pangingisda.

Mga Pananagutang Administratibo

Para sa may-ari, operator, kapitan, o punong mangingisda ng commercial fishing vessel o munisipal na mangingisda:

- Pagkumpiska ng huli at mga gamit pangisda;
- Multa: Tatlong (3) beses ng halaga ng huli, o halagang nakasaad sa ibaba, alinman ang mas mataas:
  (1) Pangingisdang munisipal: PHP 20,000.00 o serbisyo sa komunidad kung walang kakayanang magbayad ng multa;
  (2) Maliitang komersiyal na pangingisda: PHP 50,000.00;
  (3) Katamtamang komersiyal na pangingisda: PHP 100,000.00;
  (4) Malakihang komersiyal na pangingisda: PHP 200,000.00.

Mga Pananagutang Kriminal

Para sa kapitan o punong mangingisda ng commercial fishing vessel o munisipal na mangingisda:

- Pagkabilanggo ng anim (6) na buwan hanggang dalawang (2) taon;
- Multa: Halagang doble ng multa para sa kasong administratibo;
- Pagkumpiska ng huli at gamit pangisda.

- **Seksiyon 94. Pangingisda sa mga lugar na labis nang pinangisdaan (*overexploited fishery management areas*)**

Isang paglabag sa batas ang pangingisda sa mga lugar na labis nang pinangisdaan.

Mga Pananagutang Administratibo

(1) Pangingisdang munisipal:
- Pagkumpiska ng huli at mga gamit pangisda;
- Multa: PHP 20,000.00 o tatlong (3) beses ng halaga ng huli, alinman ang mas mataas; serbisyo sa komunidad kung walang kakayanang magbayad ng multa;

(2) Maliitang komersiyal na pangingisda:
- Pagkumpiska ng huli at mga gamit pangisda;
- Multa: PHP 100,000.00 o limang (5) beses ng halaga ng huli, alinman ang mas mataas;

(3) Katamtamang komersiyal na pangingisda:
- Pagkumpiska ng huli at mga gamit pangisda;
- Multa: PHP 300,000.00 o limang (5) beses ng halaga ng huli, alinman ang mas mataas;

(4) Malakihang komersiyal na pangingisda:
- Pagkumpiska ng huli at mga gamit pangisda;
- Multa: PHP 500,000.00 o limang (5) beses ng halaga ng huli, alinman ang mas mataas.

Mga Pananagutang Kriminal

- Pagkabilanggo ng anim (6) na buwan at isang (1) araw hanggang anim (6) na taon;
- Multa: PHP 500,000.00 hanggang PHP 5,000,000.00;
- Pagkumpiska ng huli at mga gamit pangisda;
- Pagkansela ng permiso o lisensiya na mangisda.

- **Seksiyon 95. Paggamit ng mga aktibong kasangkapan (*active gear*) sa paghuli ng isda sa mga katubigang munisipal, mga look, at iba pang mga lugar pangisdaang nasa ilalim ng isang pangangasiwa**

  Isang paglabag sa batas ang pakikilahok sa anumang gawaing pangingisda sa mga katubigang munisipal at sa lahat ng mga look maging sa iba pang mga katubigang nasa ilalim ng isang

pangangasiwa na gumagamit ng aktibo o gumagalaw na kasangkapan alinsunod sa isinasaad ng alituntuning ito.

Mga Pananagutang Administratibo

Para sa may-ari, operator, kapitan, o punong manginigsda ng barko, o CEO[8] *ng kompanya/korporasyon, o maging ang kasosyong tagapamahala (managing partner):*

- Pagkumpiska ng huli at mga gamit pangisda;
- Multa: Tatlong (3) beses ng halaga ng huli, o halagang nakasaad sa ibaba, alinman ang mas mataas:

  (1) Pangingisdang munisipal: PHP 20,000.00 o serbisyo sa komunidad kung walang kakayanang magbayad ng multa;
  (2) Maliitang komersiyal na pangingisda: PHP 50,000.00;
  (3) Katamtamang komersiyal na pangingisda: PHP 100,000.00;
  (4) Malakihang komersiyal na pangingisda: PHP 500,000.00.

Mga Pananagutang Kriminal

- Pagkabilanggo ng dalawa (2) hanggang anim (6) na taon;
- Multa: Halagang doble ng multa para sa kasong administratibo;
- Pagkumpiska ng huli at mga gamit pangisda.

- **Seksiyon 96. Pag-iingat, pangunguha, pagbebenta, pagluluwas ng mga korales**

  Isang paglabag sa batas para sa sinumang tao o korporasyon na mag-ipon, magmay-ari, komersiyal na magbiyahe, magbenta, o magluwas (*export*) ng ordinaryo, katamtamang mahal, at mga mamahaling korales, hilaw man o naiproseso na, maliban na lamang kung ang dahilan ay para sa layuning siyentipiko o pananaliksik. Isang paglabag din sa batas para sa

8. *Chief Executive Officer* o ang pinakamataas na katungkulan sa isang kompanya at siyang responsable sa mga desisyong may kaugnayan sa pangangasiwa.

sinumang tao, korporasyon, o entidad na magsagawa ng mga gawaing makasisira sa mga bahura.

Mga Pananagutang Administratibo

Para sa may-ari o operator, kapitan ng barko, punong mangingisda, at tagapangalap (recruiter) o tagapamahala ng mga manggagawa (fishworker):

- Multa: Walong (8) beses ng halaga ng mga nakalap, pag-aari, komersiyal na inilipat, ipinagbili, at iniluwas na korales, o PHP 500,000.00 hanggang PHP 10,000,000.00, alinman ang mas mataas;
- Pagkumpiska ng mga nakalap na korales;
- Pagbayad sa pagpapanumbalik ng mga nasirang bahura.

Mga Pananagutang Kriminal

Para sa kapitan ng barko, punong mangingisda, at tagapangalap o tagapamahala ng mga manggagawa:

- Pagkabilanggo ng sampu (10) hanggang dalawampung (20) taon;
- Multa: Halagang doble ng multa para sa kasong administratibo;
- Pagkumpiska ng mga korales;
- Pagbayad sa pagpapanumbalik ng nasirang bahura ukol sa mga pag-aaral at pagpapasiya ng Kagawaran.

- **Seksiyon 97. Pagbabawal sa muro-ami, iba pang pamamaraan at mga kasangkapan na makasisira sa mga bahura at iba pang kanlungan ng isda at mga lamandagat**

  (a) Isang paglabag sa batas para sa sinumang tao, natural man o huridikal, na mangisda gamit ang mga kasangkapan o paraan na nakasisira sa mga bahura, lusayan, at iba pang kanlungan ng mga lamandagat alinsunod sa sinasabi ng Kagawaran. Ang muro-ami at ang iba pang anyo nito, maging ang mga kahalintulad

na mga kasangkapan at pamamaraan na ginagamitan ng pagsisid, o mga gawaing pisikal o mekanikal na kumakalampag o bumabayo sa mga bahura at iba pang kanlungan ng mga lamandagat na may layuning manguha, mag-ipon, o manghuli ng mga isda at iba pang lamang dagat ay mariin ding ipinagbabawal.

Mga Pananagutang Administratibo

Para sa may-ari, operator, kapitan ng barko, punong mangingisda, at tagapangalap o tagapamahala ng mga manggagawa:

- Multa: Limang (5) beses ng halaga ng huli o PHP 2,000,000.00 alinman ang mas mataas;
- Pagkumpiska ng huli at mga gamit pangisda.

Para sa mga manggagawang nagsisilbing tagadurog ng mga korales:

- Multa: PHP 20,000.00 pataas;
- Serbisyo sa komunidad kung walang kakayanang magbayad ng multa.

Mga Pananagutang Kriminal

Para sa kapitan ng barko, punong mangingisda, tagapangalap, o tagapamahala ng mga manggagawa:

- Pagkabilanggo ng dalawa (2) hanggang sampung (10) taon;
- Multa: Halagang doble ng multa para sa kasong administratibo.

(b) Maliban sa mga kasong pinapayagan ng batas, isang paglabag sa batas para sa sinumang tao, natural man o huridikal, na manguha, magmay-ari, komersiyal na magbiyahe, magbenta o magluwas ng mga buhanging mula sa koral (*coral sand*), bahagi ng koral (*coral fragments*), mga tipak ng bato mula sa koral (*coral rocks*), kwarts (*silica*), at iba pang sangkap o bahagi na bumubuo sa likas na tahanan ng mga lamandagat.

Mga Pananagutang Administratibo

Para sa indibidwal o korporasyong lumabag sa probisyong ito ng batas:

- Multa: Limang (5) beses ng halaga ng mga *coral rock, sand* o *silica* na nakalap, inangkin, nabenta, o nailabas ng bansa, o PHP 5,000,000.00; alinman ang mas mataas;
- Pagkumpiska ng mga nalikom na yamang-dagat.

Mga Pananagutang Kriminal

- Pagkabilanggo ng dalawa (2) hanggang sampung (10) taon;
- Multa: Halagang doble ng multa para sa kasong administratibo;
- Pagkumpiska ng mga gamit pangisda, at huli o mga yamang-dagat na nalikom.

- **Seksiyon 98. Paggamit ng mga superlight o *fishing light attractor* sa pangingisda**

  Isang paglabag sa batas ang pakikilahok sa anumang gawaing pangingisda na gumagamit ng *superlight*[9] sa mga katubigang munisipal, o mangisda sa pamamagitan ng mga fishing light attractor na gumagamit ng candlelight power o intensidad na lagpas sa itinakdang pamantayan ng Kagawaran na may konsultasyon mula sa lokal na pamahalaan para sa pangingisda sa mga katubigang munisipal, o pagsuway sa mga kautusang itinakda ng Kagawaran para sa pangingisda na gumagamit ng *superlight* o *fishing light attractor* na labas sa katubigang munisipal.

9. Tinatawag din na "magic light," ito ay isang uri ng malakas na ilaw na gumagamit ng *halogen* o *metal halide bulb* at maaaring ilubog o ilagay sa ibabaw ng tubig upang makaakit ng mga isda.

Mga Pananagutang Administratibo

- Multa: PHP 20,000.00 para sa bawat *superlight* o *fishing light attractor* o serbisyo sa komunidad kung ang nagkasala ay isang mangingisdang munisipal.

Mga Pananagutang Kriminal

- Pagkabilanggo ng anim (6) na buwan hanggang dalawang (2) taon o serbisyo sa komunidad kung ang nagkasala ay isang mangingisdang munisipal;
- Multa: PHP 40,000.00 para sa bawat superlight o fishing light attractor, o serbisyo sa komunidad kung ang nagkasala ay isang mangingisdang munisipal;
- Pagkumpiska ng huli, superlight o fishing light attractor, at mga gamit pangisda.

- **Seksiyon 99. Pagputol at tuluyang pagtanggal ng mga bakawan upang gawing palaisdaan o gamitin para sa ibang pakay**

  Isang paglabag sa batas para sa sinuman ang pagputol o pagsira ng mga bakawan upang gawing palaisdaan o para sa anumang layunin.

Mga Pananagutang Administratibo

- Multa: PHP 10,000,000.00 bawat ektarya, o halagang katumbas ng halagang ekolohiya ng isang ektarya ng bakawan na nakabatay sa mga kasalukuyang pag-aaral, alinman ang mas mataas;
- Kung ang nasirang lugar ay mangangailangan ng rehabilitasyon ayon sa pasya ng Kagawaran, pagbabayad o pagpapanumbalik ng nasirang bawakanan sa dati nitong kondisyon.

Mga Pananagutang Kriminal

- Paunang Multa: PHP 80,000.00;
- Karagdagang Multa: Halagang katumbas ng multa para sa kasong administratibo;
- Pagkabilanggo ng anim (6) na buwan at isang (1) araw hanggang labindalawang (12) taon;
- Pagbabayad ng PHP 500,000.00 bawat ektarya kada taon hanggang sa ang nasirang lugar-bakawan ay tuluyang manumbalik.

- **Seksiyon 100. Pangingisda sa panahong idineklarang sarado sa pangingisda (*closed season*)**

Isang paglabag sa batas ang mangisda sa mga lugar pangisdaan sa panahong idineklarang closed season.

Mga Pananagutang Administratibo

(1) Pangingisdang munisipal:

- Pagkumpiska ng huli at mga gamit pangisda;
- Multa: PHP 20,000.00 o tatlong (3) beses ng halaga ng huli, alinman ang mas mataas;
- Serbisyo sa komunidad kung walang kakayanang magbayad ng multa.

(2) Maliitang komersiyal na pangingisdsa:

- Pagkumpiska ng huli at mga gamit pangisda;
- Multa: PHP 100,000.00 o limang (5) beses ng halaga ng huli, alinman ang mas mataas.

(3) Katamtamang komersiyal na pangingisda:

- Pagkumpiska ng huli at mga gamit pangisda;
- Multa: PHP 300,000.00 o limang (5) beses ng halaga ng huli, alinman ang mas mataas.

(4) Malakihang komersiyal na pangingisda:

- Pagkumpiska ng huli at mga gamit pangisda;
- Multa: PHP 500,000.00 o limang (5) beses ng halaga ng huli, alinman ang mas mataas.

Mga Pananagutang Kriminal

- Pagkabilanggo ng anim (6) na buwan at isang (1) araw hanggang anim (6) na taon;
- Pagkumpiska ng huli at mga gamit pangisda;
- Multa: Halagang doble ng multa para sa kasong administratibo;
- Pagkansela ng lisensiya o permiso.

- **Seksiyon 101. Pangingisda sa mga *marine protected area, fishery reserve*, at santuwaryo ng isda**

Isang paglabag sa batas ang pangingisda sa mga marine protected area, fishery reserve, refuge, o santuwaryo ng isda batay sa deklarasyon ng Kagawaran o ng pamahalaang lokal.

Mga Pananagutang Administratibo

(1) Pangingisdang munisipal:

- Pagkumpiska ng huli at mga gamit pangisda;
- Multa: PHP 20,000.00 o dalawang (2) beses ng halaga ng huli, alinman ang mas mataas;
- Serbisyo sa komunidad kung walang kakayanang magbayad ng multa.

2) Maliitang komersiyal na pangingisda:

- Pagkumpiska ng huli at mga gamit pangisda;
- Multa: PHP 200,000.00 o dalawang (2) beses ng halaga ng huli, alinman ang mas mataas.

(3) Katamtamang komersiyal na pangingisda:

- Pagkumpiska ng huli at mga gamit pangisda;
- Multa: PHP 600,000.00 o dalawang (2) beses ng halaga ng huli, alinman ang mas mataas.

(4) Malakihang komersiyal na pangingisda:

- Pagkumpiska ng huli at mga gamit pangisda;
- Multa: PHP 1,000,000.00 o dalawang (2) beses ng halaga ng huli, alinman ang mas mataas.

Mga Pananagutang Kriminal

- Pagkabilanggo ng dalawang (2) taon hanggang anim (6) na taon;
- Multa: Halagang doble ng multa para sa kasong administratibo;
- Pagkumpiska ng huli at mga gamit pangisda;
- Pagkansela ng lisensiya o permiso.

- **Seksiyon 102. Pangingisda o pangunguha ng mga hindi karaniwan o nanganganib na uri (*rare, threatened, or endangered species*)**

(a) Isang paglabag sa batas ang pangingisda o pagkuha, paghuli, pag-ipon, pagbebenta, pagbili, pag-aari, pagdadala, pagluluwas, pagpapadala o pagbiyahe ng mga uring pantubig (*aquatic species*) na nakalista sa *Appendix I ng Convention on the International Trade in Endangered Species of Wild Flora and Fauna* (CITES), o iyong mga itinuturing ng *International Union for Conservation of Nature and Natural Resources* (IUCN) bilang mga nanganganib na uri at tinutukoy ng Kagawaran.

Mga Pananagutang Administratibo

- Multa: Limang (5) beses ng halaga ng nakuhang uri o PHP 500,000.00 hanggang PHP 5,000,000.00, alinman ang mas mataas;
- Pagkumpiska ng huli.

Mga Pananagutang Kriminal

- Pagkabilanggo ng labindalawang (12) taon at isang (1) araw hanggang dalawampung (20) taon;
- Multa: Halagang doble ng multa para sa kasong administratibo;
- Pagkumpiska ng huli;
- Pagkansela ng lisensiya o *permit* sa pangingisda.

(b) Isang paglabag sa batas ang pangingisda, pagkuha, paghuli, pag-ipon, pagbebenta, pagbili, pag-aari, pagdadala, pagluluwas, pagpapadala o pagbiyahe ng mga uring pantubig na nakalista sa *Appendix* II at III ng CITES kung mapatunayan ng mga siyentipikong pagsusuri na ang natural na populasyon ng mga ito ay hindi kakayaning manatili kung ito'y patuloy na iniipon at pinangangalakal: Matangi, kung ang pagkuha o pangingisda ng mga nasabing lamandagat ay gagamitin sa siyentipikong pananaliksik o kung ang pagpaparami para sa pangangalaga ng mga ito ay ginagawa kasabay ng pagpaparami para sa komersiyal na kadahilanan ay maaaring payagan.

Mga Pananagutang Administratibo

- Multa: Tatlong (3) beses ng halaga ng nakuhang uri o PHP 300,000.00 hanggang PHP 3,000,000.00, alinman ang mas mataas;
- Pagkumpiska ng huli.

Mga Pananagutang Kriminal

- Pagkabilanggo ng lima (5) hanggang walong (8) taon;
- Multa: Tatlong (3) beses ng halaga ng nakuhang uri o PHP 3,000,000.00, alinman ang mas mataas;
- Pagkumpiska ng huli.

(c) Isang paglabag sa batas ang pag-ipon, pagkuha, pag-aari, pagdadala, o pagluluwas, pagpapadala o pagbiyahe ng mga uring ipinanganak at pinalaki sa pagkabihag (*captive-bred species*) na pinakawalan sa katubigan.

Mga Pananagutang Administratibo

- Multa: Tatlong (3) beses ng halaga ng nakuhang uri o PHP 300,000.00 hanggang PHP 3,000,000.00, alinman ang mas mataas;
- Pagkumpiska ng huli.

Mga Pananagutang Kriminal

- Pagkabilanggo ng lima (5) hanggang walong (8) taon;
- Multa: Tatlong (3) beses ng halaga ng nakuhang uri o PHP 3,000,000.00, alinman ang mas mataas;
- Pagkumpiska ng huli.

Kung ang paglabag sa batas ay nagawa ng isang barko na pinapatakbo ng higit sa dalawang (2) tao, ang kapitan, pinuno, at ang dalawang pinakamataas na opisyal ng barkong sangkot sa pangingisda o pangunguha ng mga protektadong lamandagat ay ipapalagay na nagkasala sa probisyong ito ng batas.

- **Seksiyon 103. Paghuli ng sabalo at iba pang nangingitlog na uri ng isda at iba pang lamandagat**

  Isang paglabag sa batas ang mangisda, mangalap, manghuli o magmay-ari ng nasa gulang na bangus o sabalo at iba pang isdang tagapagpalahi (*breeders/spawners*) ng ibang mga lamandagat ayon sa natukoy ng Kagawaran: Matangi, na ang rason sa paghuli ng sabalo at iba pang mga *breeders at spawners* ay para sa lokal na pagpapalahi o siyentipikong rason o pananaliksik ay papayagan sa ilalim ng patnubay na ipatutupad ng Kagawaran.

Mga Pananagutang Administratibo

- Multa: Limang (5) beses ng halaga ng sabalo at iba pang *breeders/spawners,* o PHP 500,000.00, alinman ang mas mataas;
- Pagkumpiska ng huli at mga gamit pangisda.

Mga Pananagutang Kriminal

- Pagkabilanggo ng anim (6) na buwan at isang (1) araw hanggang walong (8) taon;
- Multa: Halagang doble ng multa para sa kasong administratibo;
- Pagkumpiska ng huli at mga gamit pangisda;
- Pagsuspinde o pagbawi ng lisensiya.

- **Seksiyon 104. Pagluluwas ng mga isdang mangingitlog, mga itlog ng isda at semilya**

  Ang pagluluwas ng mga *breeders* at *spawners*, itlog, o semilya ayon sa pagbabawal sa alituntuning ito ay mapaparusahan sa ilalim ng batas na ito: Matangi, na ang pagluluwas ng mga *hatchery-bred* o *captive-bred* na *breeders* at *spawners*, itlog, o semilya ay maaaring payagan sa ilalim ng mga regulasyon na ipinatutupad ng Kagawaran.

  Ang kabiguan sa bahagi ng kompanyang nagbibiyahe at nagpapadala kung saan mahuhulihang mayroon mga breeders at *spawners*, itlog, o semilya o masasamsaman ng mga ito para sa imbestigasyon ay makalilikha ng pagpapalagay na mayroong nagaganap na sabwatan sa pagitan ng kompanya at ng nagbibiyahe upang malabag ang mga probisyon ng seksiyong ito.

Mga Pananagutang Administratibo

- Multa: Tatlong (3) beses ng halaga ng mga *breeders* at *spawners*, itlog, o semilya; o PHP 100,000.00 hanggang PHP 500,000.00; alinman ang mas mataas;
- Pagkumpiska ng mga breeders at spawners, itlog, o semilya;
- Pagsuspinde o pagbawi ng lisensiya para sa komersiyal na pangingisda at/o rehistro bilang tagapagluwas (*exporter*).

Mga Pananagutang Kriminal

- Pagkabilanggo ng walo (8) hanggang sampung (10) taon;
- Pagkumpiska ng mga *breeders* at *spawners*, itlog, o semilya;
- Multa: Halagang doble ng multa para sa kasong administratibo;
- Pagbawi ng lisensiya sa pangingisda;
- Pagsuspinde o pagbawi ng rehistro bilang tagapagluwas (*exporter*).

- **Seksiyon 105. Pag-aangkat (*importing*) o pagluluwas ng mga isda o iba pang uri ng yamang-dagat (*fishery species*)**

  Ang anumang pag-aangkat o pagluluwas ng isda o iba pang mga uri ng yamang-dagat na ipinagbabawal ng kautusang ito ay isang paglabag sa batas.

  Ang kabiguan sa bahagi ng shipping at *forwarding company* na mahuhulihang mayroong isda o iba pang mga uri ng yamang dagat na inangkat o iniluwas na tumulong sa imbestigasyon ng awtoridad ng pamahalaan ay makakalikha ng pagpapalagay na mayroong nagaganap na sabwatan sa pagitan ng *shipping company* at ng nagpadala upang mapanatili ang paglabag.

Mga Pananagutang Administratibo

- Multa: Limang (5) beses ng halaga ng nakuhang uri o PHP 300,000.00 hanggang PHP 500,000.00, alinman ang mas mataas;
- Pagkumpiska at/o pagsira ng huli.

Mga Pananagutang Kriminal

- Pagkabilanggo ng walong (8) taon;
- Multa: Halagang doble ng multa para sa kasong administratibo;
- Pagkumpiska o pagsira ng huli;
- Matangi, na ang mga lumabag sa batas ay pagbabawalan na maging miyembro o *stockholders* ng mga kompanyang sangkot sa pangingisda o mga kompanyang bubuuin pa lamang sa hinaharap, kung saan ang mga patnubay sa mga ito ay ipatutupad ng Kagawaran.

- **Seksiyon 106. Paglabag sa Panuntunan sa Pagkontrol sa Dami ng Huli (*Harvest Control Rules*)**

Isang paglabag sa batas ang pangingisdang sumusuway sa alituntunin kaugnay sa pagkontrol sa dami ng huli batay sa pasya ng Kagawaran.

Mga Pananagutang Administratibo

- Pagkumpiska ng huli at mga gamit pangisda;
- Pagbawi ng lisensiya;
- Multa:

  (1) Pangingisdang munisipal: PHP 20,000.00 o tatlong (3) beses ng halaga ng huli, alinman ang mas mataas, o serbisyo sa komunidad kung walang kakayanang magbayad ng multa;
  (2) Maliitang komersiyal na pangingisda: PHP 100,000.00 o limang (5) beses ng halaga ng huli, alinman ang mas mataas;

(3) Katamtamang komersiyal na pangingisda:
PHP 1,000,000.00 o limang (5) beses ng halaga ng huli, alinman ang mas mataas;
(4) Malakihang komersiyal na pangingisda:
PHP 5,000,000.00 o limang (5) beses ng halaga ng huli, alinman ang mas mataas.

Mga Pananagutang Kriminal

- Pagkabilanggo ng anim (6) na buwan at isang (1) araw hanggang anim (6) na taon;
- Multa: Halagang doble ng multa para sa kasong administratibo;
- Pagkumpiska ng huli at mga gamit pangisda;
- Pagbawi ng lisensiya.

- **Seksiyon 107. Polusyon sa katubigan**

Isang paglabag sa batas ang polusyon sa katubigan batay sa isinasaad sa alituntuning ito.

Mga Pananagutang Administratibo

- Paunang Multa: PHP 300,000.00 hanggang PHP 500,000.00;
- Karagdagang Multa: PHP 15,000.00 bawat araw hanggang matigil ang paglabag sa batas at mabayaran ang mga kaukulang multa;
- Pagpapataw ng pagpapatigil sa anumang aktibidad (cease and desist order);
- Pagsasara o pagsuspinde sa pagpapagawa, konstruksiyon, o pasilidad o pagpapatigil ng mga operasyon, o pagputol sa suplay ng tubig;
- *Ang kautusan ay nakabatay lamang sa magiging resulta ng ibababang resolusyon.*

Mga Pananagutang Kriminal

- Pagkabilanggo ng anim (6) na taon at isang (1) araw hanggang labindalawang (12) taon;

- Paunang Multa: Halagang doble ng multa para sa kasong administratibo;
- Karagdagang Multa: PHP 15,000.00 bawat araw hanggang matigil ang paglabag sa batas at mabayaran ang mga kaukulang multa;
- Pagpapataw ng pagpapatigil sa anumang aktibidad (cease and desist order);
- Pagsasara o pag-suspinde sa pagpapagawa, konstruksiyon, o pasilidad o pagpapatigil ng mga operasyon, o pagputol sa suplay ng tubig;
- *Ang kautusan ay nakabatay lamang sa magiging resulta ng ibababang resolusyon.*

- **Seksiyon 108. Hindi pagsunod sa mga panuntunang pangkaligtasan (*minimum safety standards*) sa paglalayag**

Ang may-ari at kapitan ng *commercial fishing vessel* na sangkot sa pangingisda na mabibigong magpakita ng katibayan sa mga wastong awtoridad na sila ay sumusunod sa panuntunang pangkaligtasan na inilahad sa alituntunin na ito ay magkakaroon ng kriminal at administratibong pananagutan.

Sa pagdakip, sasamahang dalhin ang *fishing vessel* sa pinakamalapit na daungan ng mga sasakyang pandagat at pagbabawalang magpatuloy sa pangingisda.

Mga Pananagutang Administratibo

- Multa: PHP 100,000.00;
- Pagsuspinde o pagkansela ng *permit* o lisensiya;
- Pagsamsam ng barkong pangisda hanggang sa masunod ang panuntunang pangkaligtasan.

Mga Pananagutang Kriminal

- Pagkabilanggo ng isang (1) buwan at isang (1) araw hanggang anim (6) na buwan;
- Multa: Halagang doble ng multa para sa kasong administratibo;

- Pagsuspinde o pagkansela ng *permit* o lisensiya;
- Pagsamsam ng *fishing vessel* hanggang sa masunod ang panuntunang pangkaligtasan.

- **Seksiyon 109. Kabiguang magsumite ng taunang ulat ukol sa operasyon ng *fishponds, fish pens, at fish cages***

Isang paglabag sa batas para sa mga may-ari at *operator* ng mga fishponds, fish pens, at fish cages ang kabiguang makapagsumite ng taunang ulat sa Kagawaran alinsunod sa isinasaad sa Seksiyon 57 ng RA 10654.

Mga Pananagutang Administratibo

Para sa may-ari ng fishponds, fish pens, at fish cages:

- Multa: PHP 5,000.00 bawat ektarya.

Para sa palaisdaan na sakop ng Fishpond Lease Agreement (FLA):

- Multa: PHP 5,000.00 bawat ektarya;
- Pagkansela ng kasunduan kung ang pagsumite ng ulat ay hindi nagawa ng dalawang magkasunod na taon.

Mga Pananagutang Kriminal

- Multa: Halagang doble ng multa para sa kasong administratibo.

- **Seksiyon 110. Pangunguha, panghuhuli, pagbebenta, pamimigay, o pag-iingat ng shellfish o iba pang uring pantubig (aquatic species)**

Isang paglabag sa batas ang mangalap, manguha, magbenta, maglipat, magmayari, magbiyahe para sa komersiyal na kadahilanan, magluwas, at magpadala ng kahit anong may gulang (*sexually mature*) na shellfish o iba pang uring pantubig

na babanggitin ng Kagawaran, o mas maliit sa pinakamaliit na sukat (*minimum size*), o mas mataas sa pinakamaraming bilang (*maximum quantities*) sa itinakda para sa mga ito. Maaaring magpatupad ng iba pang parametro ang Kagawaran para sa pangangalaga ng mga labis na pinangangalakal na mga uring pantubig (*heavily traded aquatic species*).

Mga Pananagutang Administratibo

- Multa: PHP 50,000.00 o halagang katumbas ng halaga ng nakuhang uri, alinman ang mas mataas;
- Pagkumpiska ng huli;
- Pagkansela ng *permit* o lisensiya.

Mga Pananagutang Kriminal

- Pagkabilanggo ng isang (1) buwan at isang (1) araw hanggang anim (6) na buwan;
- Multa: Halagang doble ng multa para sa kasong administratibo;
- Pagkansela ng permit o lisensiya.

- **Seksiyon 111. Pagbara o paghadlang sa daraanan (*navigation*) o pagdaloy o pagkati ng tubig (*ebb tide*) ng anumang batis, ilog, lawa, o look**

Isang paglabag sa batas para sa sinumang magiging sanhi sa pagbara o paghadlang sa daraanan o agos o katihan ng alon.

Mga Pananagutang Administratibo

- Multa: PHP 200,000.00;
- Pagbaklas sa estrukturang nakabara sa daluyan ng tubig, baklad/bitag, *fish pens* o *fish cages* na gastos ng maysala.

Mga Pananagutang Kriminal

- Pagkabilanggo ng isang (1) buwan at isang (1) araw hanggang anim (6) na buwan;
- Multa: Halagang doble ng multa para sa kasong administratibo;
- Pagkumpiska ng mga nakaimbak (*stocks*);
- Pagbaklas sa estrukturang nakabara sa daluyan na gastos ng maysala.

- **Seksiyon 112. Hindi pagsunod sa mga wastong pamamaraan sa pag-aalaga ng isda at iba pang lamandagat (*Good Aquaculture Practices*)**

Ang anumang operasyong pangisda na may kaugnayan sa pagpapalahi at pagpaparami ng mga isda o ibang lamandagat ay dapat tumugon sa pamantayang itinatakda ng Kagawaran ukol sa wastong pamamaraan sa *aquaculture* at sa mga gabay na nakapaloob sa *environmentally-sound design* at operasyon para sa patuluyang pagpapaunlad (*sustainable development*) ng industriya ng *aquaculture*.

Mga Pananagutang Administratibo

- Multa: PHP 10,000.00 hanggang PHP 100,000.00 kada araw hanggang sa matigil ang paglabag sa batas at mabayaran ang mga kaukulang multa.

Mga Pananagutang Kriminal

- Pagkabilanggo ng tatlong (3) taon;
- Multa: Halagang doble ng multa para sa kasong administratibo.

- **Seksiyon 113. Pagpapatrabaho ng mga hindi lisensiyadong mangingisda, manggagawang pampangisdaan, o tripulante (*crew*) sa mga *commercial fishing vessel***

Mga Pananagutang Administratibo

Para sa may-ari o operator ng commercial fishing vessel na nagpapatrabaho ng mga hindi lisensiyadong mangingisda, manggagawa o tripulante:

- Multa: PHP 4,000.00 bawat hindi lisensiyadong mangingisda o manggagawa, o tripulante;
- Pagsuspinde o pagbawi sa lisensiya ng barkong pangisda.

Para sa may-ari at operator ng anumang fishing vessel na nasa ilalim ng bandila ng Pilipinas na nakikilahok sa gawaing pangingisda sa mga malayong katubigan at nagpapatrabaho ng mga hindi lisensiyadong mangingisda, manggagawa, o tripulante:

- Multa: PHP 40,000.00 bawat hindi lisensiyadong mangingisda o manggagawa o tripulante;
- Pagsuspinde o pagkansela ng lisensiya.

Mga Pananagutang Kriminal

Para sa may-ari at nagpapatakbo ng barkong pangisda na nakikilahok sa gawaing pangingisda sa mga malayong katubigan at nagpapatrabaho ng mga hindi lisensiyadong mangingisda, manggagawa, o tripulante:

- Multa: Halagang doble ng multa para sa kasong administratibo;
- Pagsuspinde o pagkansela ng lisensiya.

- **Seksiyon 114. Pagbara, pagsagabal, o pagharang sa mga naturing na daanan ng migrasyon (*migration path*) ng isda**

  Isang paglabag sa batas para sa sinuman ang magbara, magsagabal, o magharang sa anumang naturing na daanan ng migrasyon ng mga *anadromous*,[10] *catadromous*,[11] at iba pang mga uri na mandarayuhang isda.

Mga Pananagutang Administratibo
• Multa: PHP 150,000.00 hanggang PHP 500,000.00; • Pagbaklas sa estrukturang nakabara na gastos ng maysala; • Pagsuspinde o pagbawi sa permiso o lisensiya.
Mga Pananagutang Kriminal
• Pagkabilanggo ng pito (7) hanggang labindalawang (12) taon; • Multa: Halagang doble ng multa para sa kasong administratibo; • Pagbaklas sa estrukturang nakabara na gastos ng maysala; • Pagsuspinde o pagbawi ng permiso o lisensiya.

- **Seksiyon 115. Paghadlang sa mga nagpapatupad ng batas pangisdaan**

  Ang may-ari ng barkong pangisda, pinuno o *operator* o sinumang kumakatawan sa may-ari ng barkong pangisda na mananakit, lalaban, mananakot, manggugulo, lubhang pipigil, o labis na hahadlang o magiging sanhi ng pagkaantala sa tagapagpatupad ng mga batas pangisdaan, awtorisadong tagapagsiyasat o tagapagmasid, ang kinatawang mangingisdang tagapagbantay (*fish warden*) ng pamahalaang lokal, o sinumang opisyal ng pamahalaan na sangkot dito sa ngalan ng kanilang tungkulin, ay nararapat na maparusahan sa ilalim ng alituntuning

10. Ang *anadromous* na isda ay nabubuhay sa tubig-alat ngunit naglalakbay patungo sa tubig-tabang tulad ng ilog at lawa upang mag-*mate* o mangitlog. Halimbawa nito ay salmon.
11. Ang *catadromous* na isda ay nabubuhay sa tubig-tabang ngunit naglalakbay patungong tubig-alat upang mangitlog. Halimbawa nito ay igat o palos.

ito. Sinumang hindi papayagan ang sinumang awtorisadong opisyal o tagapagmasid na gawin ang kanyang tungkuling legal ay ituturing bilang paghadlang sa nasabing opisyal o indibidwal.

Mga Pananagutang Administratibo

- Pagkansela ng lisensiya o *permit*;
- Multa: PHP 1,000,000.00 para sa mga barkong pangisda na naglalayag sa loob ng katubigan ng Pilipinas;
- Multa: PHP 2,000,000.00 para sa mga barkong pangisda na naglalayag sa labas ng katubigan ng Pilipinas.

Mga Pananagutang Kriminal

- Pagkabilanggo ng anim (6) na buwan hanggang dalawang (2) taon;
- Multa: Halagang doble ng multa para sa kasong administratibo;
- Pagkansela ng lisensiya o *permit.*

- **Seksiyon 116. Hindi pagsunod sa *Fisheries Observer Coverage***

(a) Isang paglabag sa batas para sa isang barkong pangisda ng Pilipinas na naglalayag sa labas ng katubigan ng bansa na pumalaot nang walang kasamang fisheries observer batay sa iniuutos ng *RFMO*[12] *conservation and management measures.*

(b) Isang paglabag sa batas para sa komersiyal na barkong pangisda ang maglayag nang walang fisheries observer alinsunod sa alituntuning ito at sa mga patakaran at regulasyon na ipinatutupad ng Kagawaran.

Mga Pananagutang Administratibo

- Multa: PHP 500,000.00;
- Pagkumpiska ng huli at mga gamit pangisda.

12. Ang *regional fisheries management organizations (RFMO)* ay uri ng mga pandaigdigan na organisasyon na dedikado sa likas-kayang pangangasiwa ng fishery resources sa isang partikular na rehiyon sa karagatang internasyonal *(international waters)* o para sa mga mandarayuhang isda (*migratory species*).

Mga Pananagutang Kriminal

- Pagkabilanggo ng isang (1) buwan at isang (1) araw hanggang anim (6) na buwan;
- Multa: Halagang doble ng multa para sa kasong administratibo;
- Pagkumpiska sa huli;
- Pagsuspinde o pagkansela ng lisensiya.

- **Seksiyon 117. Hindi pagsunod sa *Port State Measures***

  Walang dayuhang barkong pangisda ang papayagang makapasok nang walang pangunang abiso na hindi bababa sa bente-kuwatrong (24) oras. Sa oras na payagang makapasok ang isang dayuhang barkong pangisda, ang kabiguang makapagbigay ng tala sa mga huling isda ay ituturing na paglabag sa batas. Isa ring paglabag sa batas ang kabiguang sumunod sa iba pang mga patakaran sa *port state measures* na ipinatutupad ng Kagawaran kasama ng mga awtoridad ng daungang estado.

  Ang kabiguang makasunod sa loob ng bente-kuwatrong oras ay maaaring magresulta sa pagkakait ng pahintulot na makapasok o magamit ang mga pasilidad ng mga daungan at ang sasakyang pandagat ay maaaring isailalim sa inspeksiyon at/o pagsamsam.

- **Seksiyon 118. Kabiguang makasunod sa mga patakaran at regulasyon sa mga sukatang pangangalaga at pangangasiwa ng yamang-dagat (*conservation and management measures*)**

  Isang paglabag sa batas ang hindi pagsunod sa mga sukatang pangangalaga at pamamahala na kinuha mula sa mga patakaran at regulasyon na ipatutupad ng Kagawaran alinsunod sa mga internasyonal na kumbensiyon, *RFMO resolutions,* at mga batas ng mga baybaying estado kung saan nangingisda ang mga barkong pangisda ng Pilipinas.

Mga Pananagutang Administratibo

- Pagkumpiska ng huli;
- Pagsuspinde o pagkansela ng lisensiya o *permit;*
- Multa: Doble ng halaga ng huli o halagang nakasaad sa ibaba, alinman ang mas mataas:
  (1) Pangingisdang munisipal: PHP 20,000.00 o serbisyo sa komunidad kung walang kakayanang magbayad ng multa;
  (2) Maliitang komersiyal na pangingisda: PHP 1,000,000.00;
  (3) Katamtamang komersiyal na pangingisda: PHP 2,500,000.00;
  (4) Malakihang komersiyal na pangingisda: PHP 5,000,000.00.

Mga Pananagutang Kriminal

- Pagkabilanggo ng anim (6) na buwan;
- Multa: Halagang doble ng multa para sa kasong administratibo;
- Pagkumpiska ng huli;
- Pagsuspinde o pagkansela ng lisensiya.

- **Seksiyon 119. Hindi pagsunod sa *Vessel Monitoring Measures***

Walang barkong pangisda na pangmunisipal, pangkomersiyal, o panglabas na katubigan ng bansa ang maaaring mangisda nang hindi sumusunod sa *vessel monitoring measures* na ipinatutupad ng Kagawaran kasama ng mga lokal na pamahalaan: Matangi, na sa mga sasakyang pandagat na naglalayag sa katubigan ng Pilipinas, tanging ang sasakyang pandagat na ginagamit sa panghuhuli (catcher vessel) lamang ang sakop ng kautusang ito. Isa ring paglabag sa batas ang sadyang pangingialam, pagpatay, o pagpigil sa paggana ng *vessel monitoring system*.

Mga Pananagutang Administratibo

Para sa may-ari ng barkong pangisda, pinuno, o sinumang kinatawan ng may-ari ng barkong pangisda:

- Pagkumpiska ng huli;
- Pagsuspinde o pagbawi ng lisensiya;
- Multa: Doble ng halaga ng huli o halagang nakasaad sa ibaba, alinman ang mas mataas:

  (1) Pangingisdang munisipal: PHP 10,000.00 o serbisyo sa komunidad kung hindi makapagbayad ng multa;
  (2) Maliitang komersiyal na pangingisda: PHP 250,000.00;
  (3) Katamtamang komersiyal na pangingisda: PHP 500,000.00;
  (4) Malakihang komersiyal na pangingisda: PHP 2,500,000.00.

Kung ang paglabag ay nagawa sa katubigang labas sa nasasakupan ng Pilipinas, ang multang administratibo ay katumbas ng limang beses ng halaga ng huli, o dalawang beses ng halagang nakasaad sa itaas, alinman ang mas mataas.

Mga Pananagutang Kriminal

Para sa pinuno o sinumang kinatawan ng may-ari ng barkong pangisda:

- Pagkabilanggo ng anim (6) na buwan hanggang dalawang (2) taon;
- Multa: Halagang doble ng multa para sa kasong administratibo;
- Pagkumpiska ng huli;
- Pagsuspinde o pagbawi ng lisensiya.

- **Seksiyon 120. Pagbuo, pag-angkat, o pagbabago ng uri ng barkong pangisda o mga kagamitan sa pangisda nang walang pahintulot mula sa Kagawaran**

  Isang paglabag sa batas ang bumuo o mag-angkat ng mga barkong pangisda o mga kagamitan o magbago ng uri ng ibang mga sasakyang pandagat upang maging barkong pangisda nang walang pahintulot mula sa Kagawaran.

Mga Pananagutang Administratibo

- Multa:

  (1) Maliitang komersiyal na pangingisda: PHP 50,000.00;
  (2) Katamtamang komersiyal na pangingisda: PHP 500,000.00;
  (3) Malakihang komersiyal na pangingisda: PHP 2,500,000.00.

Mga Pananagutang Kriminal

- Pagkabilanggo ng isang (1) buwan at isang (1) araw hanggang anim (6) na buwan;
- Multa: Halagang doble ng multa para sa kasong administratibo.

- **Seksiyon 121. Paggamit ng mga hindi lisensiyadong gamit sa pangingisda**

Para sa sinumang gumagamit ng mga gamit pangisda o mga pamamaraan para sa commercial fishing nang walang lisensiya mula sa Kagawaran

Mga Pananagutang Administratibo

- Multa: PHP 200,000.00 hanggang PHP 500,000.00 para sa bawat gamit pangisda.

Mga Pananagutang Kriminal

- Multa: PHP 400,000.00 hanggang PHP 1,000,000.00

- **Seksiyon 122. Pamemeke, pagtatago, o pangingialam/pagbabago ng mga marka/palatandaan, pagkakakilanlan, o rehistro ng sasakyang pandagat**

  Isang paglabag sa batas ang pamemeke o pagtatago ng pagkakakilanlan ng isang sasakyang pandagat o sa kakulangan sa rehistro o pangingialam/pagbabago ng mga marka/ palatandaan ng sasakyang pandagat, pagkakakilanlan o rehistro.

Mga Pananagutang Administratibo

- Pagkumpiska ng huli;
- Pagsuspinde o pagkansela ng lisensiya;
- Multa:

  (1) Pangingisdang munisipal: PHP 10,000.00 o serbisyo sa komunidad kung walang kakayanang magbayad ng multa;
  (2) Maliitang komersiyal na pangingisda: PHP 100,000.00;
  (3) Katamtamang komersiyal na pangingisda: PHP 1,000,000.00;
  (4) Malakihang komersiyal na pangingisda: PHP 5,000,000.00.

Kung ang paglabag sa batas ay ginawa ng isang barko para sa malayuang pangingisda (distant water fishing), magiging doble ng halagang nakasaad sa itaas ang multang administratibo.

Mga Pananagutang Kriminal

- Pagkabilanggo ng dalawa (2) hanggang anim (6) na taon;
- Multa: Halagang doble ng multa para sa kasong administratibo;
- Pagkumpiska ng huli;
- Pagsuspinde o pagkansela ng lisensiya.

- **Seksiyon 123. Pagtatago, pagbabago/pangingialam, o pagtapon/ pagsira ng mga ebidensiya kaugnay sa isang imbestigasyon sa paglabag**

  Isang paglabag sa batas ang magtago, mangialam, o magtapon ng ebidensiya na may kinalaman sa isang imbestigasyon sa paglabag.

Mga Pananagutang Administratibo

- Pagsuspinde o pagkansela ng lisensiya;
- Multa:

  (1) Pangingisdang munisipal: PHP 10,000.00 o serbisyo sa komunidad kung walang kakayanang magbayad ng multa;
  (2) Maliitang komersiyal na pangingisda: PHP 100,000.00;
  (3) Katamtamang komersiyal na pangingisda: PHP 1,000,000.00;
  (4) Malakihang komersiyal na pangingisda: PHP 5,000,000.00.

Kung sakaling ang paglabag sa batas ay ginawa ng isang barko para sa malayuang pangingisda (distant water fishing), magiging doble ng halagang nakasaad sa itaas ang multang administratibo.

Mga Pananagutang Kriminal

- Pagkabilanggo ng lima (5) hanggang sampung (10) taon;
- Multa: Halagang doble ng multa para sa kasong administratibo;
- Pagsuspinde o pagkansela ng lisensiya.

- **Seksiyon 124. Hindi pagsunod sa mga kinakailangang gawin kaugnay sa pagpapasok ng mga dayuhang (*foreign*) o kakaibang (*exotic*) mga uring pantubig (*aquatic species*)**

  Isang paglabag sa batas ang mag-angkat, magpasok, o magpalahi ng dayuhan o kakaibang uring pantubig nang walang pag-aaral sa mga posibleng panganib na maidudulot nito at pangunang pagsang-ayon ng Kagawaran.

Mga Pananagutang Administratibo

- Multa: PHP 200,000.00 hanggang PHP 6,000,000.00;
- Pagkumpiska at pagsira sa dayuhan o kakaibang lamandagat;

Kung maging mapanira o salot sa likas na kapaligiran ang uri, magdulot ng pagkalugi o pagkasira ng natural na tirahan, babayaran ng maysala ang gagastusin para sa pagpigil sa pagkalat, pagpuksa at/o restorasyon ng likas na kapaligiran.

Mga Pananagutang Kriminal

- Pagkabilanggo ng anim (6) hanggang labindalawang (12) taon;
- Multa: PHP 400,000.00 hanggang PHP 12,000,000.00;
- Pagkumpiska at pagsira sa dayuhan o kakaibang lamandagat (exotic species);
- Pagbayad sa gagastusin para sa pagpigil sa pagkalat, pagpuksa, at restorasyon ng likas na kapaligiran.

- **Seksiyon 125. Kabiguang sumunod sa mga sukatan o pamantayan at mga hakbang na may kaugnayan sa kalakal**

  Isang paglabag sa batas ang hindi pagsunod sa mga pamantayan sa bigat, dami, kalidad, at iba pang kahingian ng lahat ng transaksiyong at kalakalang pangisda at mga hakbang pangkalakal na i-aatas ng Kagawaran.

Mga Pananagutang Administratibo
• Multa: PHP 50,000.00 hanggang PHP 2,000,000.00; • Pagkumpiska ng mga kargamento o produktong dagat; • Pagsuspinde o pagbawi sa rehistro o lisensiya.
Mga Pananagutang Kriminal
• Pagkabilanggo ng anim (6) na buwan hanggang dalawang (2) taon; • Multa: PHP 100,000.00 hanggang PHP 4,000,000.00; • Pagkumpiska ng mga kargamento o produktong dagat; • Pagsuspinde o pagbawi sa rehistro o lisensiya.

- **Seksiyon 126. Pag-aari/pag-iingat, pagbebenta/pangangalakal, at pagtatapon (*disposal*) ng mga isdang nahuli o nakuha sa ilegal na pamamaraan**

  Isang paglabag sa batas ang pagpapadala, komersiyal na pagbibiyahe, pag-aalok, pagbebenta, pag-aangkat, pagluluwas, o pagkakaroon ng kustodya, kontrol, o pagmamay-ari ng, o pangangalakal o anumang gawaing pagtapon/pag-ubos ng anumang isda o uri na kinuha, hinuli o pinanatili, na labag sa isinasaad sa alituntuning ito.

  Ang anumang madidiskubreng isda o uri na ginamitan ng pampasabog o lubhang mapaminsala o nakalalasong kemikal ay bubuo ng pag-aakalang *prima facie* na ang may dala, nagbebenta, nangangalakal (*fish dealer*), nagdadala, nag-aangkat, o nagluluwas ng mga ito ay may kaalaman na ang isda o uri ay nahuli o nakuha na may paglabag sa alituntuning ito.

Mga Pananagutang Administratibo

- Multa: Limang (5) beses ng halaga ng nakuhang isda o yamang-dagat o PHP 50,000.00 hanggang PHP 200,000.00, alinman ang mas mataas;
- Pagkumpiska ng nahuli o pagmamay-aring isda o yamang dagat.

Mga Pananagutang Kriminal

- Pagkabilanggo ng anim (6) na buwan hanggang dalawang (2) taon;
- Multa: Walong (8) beses ng halaga ng huli o PHP 100,000.00 hanggang PHP 500,000.00, alinman ang mas mataas;
- Pagkumpiska ng isda o produktong dagat;
- Pagsuspinde o pagbawi ng rehistro o lisensiya.

- **Seksiyon 127. Hindi awtorisadong paglalahad ng mga sensitibong impormasyon na teknikal**

Ang mga datos mula sa *vessel monitoring system* o *vessel monitoring measure* at ng iba pang mga kaparehong datos na manggagaling dito ay nararapat na ituring bilang sensitibong impormasyon na teknikal.

Mga Pananagutang Kriminal

Para sa anumang hindi awtorisadong paglalahad ng sinuman ng mga nabanggit na datos kabilang ang mga impormasyong tinutukoy sa Seksiyon 155 ng alintuntuning ito:

- Pagkabilanggo ng anim (6) na buwan at isang (1) araw hanggang anim (6) na taon;
- Pagkatanggal sa opisina;
- Pagbawi sa lahat ng mga benepisyong makukuha mula sa pagreretiro, kung mayroon man.

- **Seksiyon 128. Iba pang mga paglabag**

  Dagdag pa sa mga ipinagbabawal na nakasaad sa alituntuning ito, ang Kagawaran, na may konsultasyon mula sa pamahalaang lokal, lokal na mga FARMC at NFARMC, ay nararapat na maglabas ng mga kautusang administratibo kaugnay sa pangingisda (*fishery administrative orders*) o mga regulasyong makatutulong sa pangangalaga, pagpreserba, pangangasiwa, at patuluyang pagpapaunlad sa pangisdaaan at yamang dagat.

Mga Pananagutang Administratibo

- Multa: PHP 100,000.00 hanggang PHP 5,000,000.00 depende sa epektong sosyo-ekonomiko nito at kung gaano kalala ang naging paglabag, karami o kamahal ang mga produktong isda, naging pinsala sa kapaligiran, at kung gaano kadalas ang naging paglabag ng may sala.

- **Seksiyon 129. Batas sa pagtataas (*escalation clause*)**

  Ang mga multang nakatakda rito ay nararapat na magkaroon ng pagtaas sa halaga na hindi bababa sa sampung porsiyento (10%) kada tatlong taon upang mapunuan ang epekto ng *inflation* at upang mapanatili ang bisa ng pagpapataw ng multa.

ILANG PROTEKTADONG BUHAY-ILANG (*PROTECTED AQUATIC WILDLIFE*)

ILANG PROTEKTADONG BUHAY-ILANG (*PROTECTED AQUATIC WILDLIFE*)

Ang mga sumusunod ay ilan sa mga buhay-ilang na protektado sa ilalim ng mga batas ng Pilipinas at ng Convention on International Trade in Endangered Species of Wild Fauna and Flora (CITES).

Dugong

Scientific name:
Dugong dugon

Lokal na pangalan: Baboy Dagat, Dugong, Duyong

Mga batas na nangangalaga rito: DENR Administrative Order (DAO) 2004-15, 1991-55, RA 10654 (Amended RA 8550), RA 9147, CITES Appendix I



© FAO

Lahat ng uri ng Manta Rays

Scientific name: *Manta spp.*

Lokal na pangalan: Pagi

Mga batas na nangangalaga rito: FAO 193, RA 10654 (Amended RA 8550), RA 9147, CITES Appendix II



CC BY 2.0 Steve Dunleavy

CC BY SA 2.0 Zac Wolf

Whale Shark

Scientific name: *Rhincodon typus*

Lokal na pangalan: Butanding, Tuki

Mga batas na nangangalaga rito: FAO 193, AO 282 s. 2010, RA 10654 (Amended RA 8550), RA 9147, CITES Appendix II

CC BY NC 2.0 Willi Sattler

Oceanic Whitetip Shark

Scientific name: *Carcharhinus longimanus*

Lokal na pangalan: Pating

Mga batas na nangangalaga rito: RA 10654 (Amended RA 8550), RA 9147, CITES Appendix II

CC BY NC 4.0 Ellias Levy

Great White Shark

Scientific name: *Carcharodon carcharias*

Lokal na pangalan: Pating

Mga batas na nangangalaga rito: RA 10654 (Amended RA 8550), RA 9147, CITES Appendix II

Great Hammerhead Shark

Scientific name: *Sphyrna mokarran*

Lokal na pangalan:
Pating

Mga batas na nangangalaga rito: RA 10654 (Amended RA 8550), RA 9147, CITES Appendix II



CC BY 3.0 NOAA/NMFS/Mississippi Laboratory

Lahat ng uri ng Sawfishes

Scientific name:
Pristidae spp.

Lokal na pangalan:
Barasan, Tagan

Mga batas na nangangalaga rito: RA 10654 (Amended RA 8550), RA 9147, CITES Appendix I



CC BY SA 3.0 David Iliff

Lahat ng uri ng Seahorses

Scientific name:
Hippocampus spp.

Lokal na pangalan:
Kabayong-dagat

Mga batas na nangangalaga rito: RA 10654 (Amended RA 8550) , RA 9147, CITES Appendix II

CC BY SA 2.5 Aquaimages

CC BY SA 2.5 OpenCage

Napoleon Wrasse

Scientific name:
Cheilinus undulatus

Lokal na pangalan:
Mameng

Mga batas na nangangalaga rito: RA 10654 (Amended RA 8550), RA 9147 , CITES Appendix II

CC BY 2.0 Alfred Herring

Green Turtle

Scientific name:
Chelonia mydas

Lokal na pangalan:
Talisayon, Bildog, Pawikan

Mga batas na nangangalaga rito: DAO 2004-15, RA 10654 (Amended RA 8550), RA 9147, CITES Appendix I



CC BY SA 4.0 Terry Ross

Olive Ridley

Scientific name:
Lepidochelys olivacea

Lokal na pangalan:
Pawikan, Kantiwan, Mukoy

Mga batas na nangangalaga rito: DAO 2004-15, RA 10654 (Amended RA 8550), RA 9147, CITES Appendix I

Hawksbill Turtle

Scientific name:
Eretmochelys imbricata

Lokal na pangalan:
Pawikan, Karahan, Payukan

Mga batas na nangangalaga rito: DAO 2004-15, RA 10654 (Amended RA 8550), RA 9147, CITES Appendix I



CC BY 2.0 Adam

Loggerhead Turtle

Scientific name:
Caretta caretta

Lokal na pangalan:
Pawikan, Bulawon

Mga batas na nangangalaga rito: DAO 2004-15, RA 10654 (Amended RA 8550), RA 9147, CITES Appendix I

CC BY SA 4.0 Vivalatew

Leatherback Turtle

Scientific name:
Dermochelys coriacea

Lokal na pangalan:
Binalimbing, Laton

Mga batas na nangangalaga rito: DAO 2004-15, RA 10654 (Amended RA 8550), RA 9147, CITES Appendix I

CC BY 4.0 DavidMB2006



CC BY 4.0 Shankar S.

Philippine Crocodile

Scientific name:
Crocodylus mindorensis

Lokal na pangalan:
Buwaya

Mga batas na nangangalaga rito: DAO 2004-15, RA 10654 (Amended RA 8550), RA 9147, CITES Appendix I

CC BY NC SA 4.0 Dana Salonoy/
National Museum of the Philippines

Lahat ng uri ng Giant Clam

Scientific name:
Tridacna spp. and Hippopus spp.

Lokal na pangalan:
Taklobo, Manlet, Kukong Kabayo

Mga batas na nangangalaga rito: FAO 208, RA 10654 (Amended RA 8550), CITES Appendix II

CC BY SA 3.0 H. Zell

Helmet Shell

Scientific name:
Cassis cornuta

Lokal na pangalan:
Budyong

Mga batas na nangangalaga rito: FAO 158

Lahat ng uri ng precious, semi-precious, at ordinaryong corals

Order Scleractinia *(hard/ stony corals)*

Lokal na pangalan:
Korales, Gasang

Mga batas na nangangalaga rito: RA 10654 (Amended RA 8550), FAO 202, CITES Appendix II



CC0 1.0 Wilson44691

Trumpet Shell

Scientific name:
Charonia tritonis

Lokal na pangalan:
Tambuli

Mga batas na nangangalaga rito: FAO 158

CC0 1.0 Merlin Charon

Chambered Nautilus

Scientific name:
Nautilus pompilius

Lokal na pangalan:
Taklong

Mga batas na nangangalaga rito: FAO 168 Section 1, CITES Appendix II

CC BY NC ND 2.0 Josh More